Nakatutulong na Mapagkukunan

Linya para matawagan at para sa Krisis
888-724-7240 (619-641-6992 TTY)

Impormasyon na Mapagkukunan ng Komunidad & Mga Referral
2-1-1

County ng San Diego
Mga Serbisyo Para sa Kalusugan ng Pag-uugali (Behavioral Health Services)
619-563-2700

Alcoholics Anonymous (AA)
619-265-8762 (24 hrs)

Narcotics Anonymous (NA)
619-584-1007 (24 hrs)

San Diego County Network of Care
www.sandiego.networkofcare.org/mh

Website ng County ng San Diego
www.sdcounty.ca.gov

2-1-1 San Diego
www.211sandiego.org

Medi-Cal
www.medi-cal.ca.gov

Optum San Diego
www.optumsandiego.com

It's Up to US
www.up2sd.org

Para sa karagdagang impormasyon o tulong sa mga problema ng sakit sa paggamit ng droga, tumawag sa:

Linya para matawagan at para sa Krisis
888-724-7240 (619-641-6992 TTY)

Maaaring tawagan ang toll-free na numerong ito 24 na oras, 7 araw sa isang linggo at may mga tagapayo na kayang sagutin ang inyong mga tanong at magbigay ng referral para sa mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng droga.

County ng San Diego
Board ng Mga Supervisor
Greg Cox, District 1
Dianne Jacob, District 2
Kristin Gaspar, District 3
Ron Roberts, District 4
Bill Horn, District 5

Punong Tagapamahalang Opisyal (Chief Administrative Officer)
Helen N. Robbins-Meyer

County ng San Diego
Direktor ng Ahensiya ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Health and Human Services Agency Director)
Nick Macchione

Direktor ng mga Serbisyo Para sa Kalusugan ng Pag-uugali (Behavioral Health Services Director)
Alfredo Aguirre

Drug Medi-Cal Organized Delivery System
Mabilis na Gabay

County ng San Diego
Ahensiya Para sa Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Health and Human Services Agency)
Mga Serbisyo Para sa Kalusugan ng Pag-uugali (Behavioral Health Services)
Mga Serbisyong Para sa Mga Sakit sa Paggamit ng Droga (Substance Use Disorder Services)

Drug Medi-Cal
Organized Delivery System Services

Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System (DMC-ODS) ay ibinibigay sa pamamagitan ng County, at hiwalay sa inyong pisikal na pangangalagang pangkalusugan. Nakatuon sa pagbibigay ng kalidad na mga serbisyo ang County ng San Diego DMC-ODS sa mga kwalipikadong maygulang, mga nakatatandang maygulang, at mga kabataan na nakakaranas ng mga problema sa mga karamdaman sa paggamit ng droga. Kumpidensyal ang aming mga serbisyo at nakabatay sa paniniwala na kayang gumaling at gumagaling talaga ang mga tao mula sa mga sakit sa paggamit ng droga. Bagama't isang hamon ang paghingi ng tulong para sa mga problema sa paggamit ng droga, isang tawag lamang ang kailangan upang makatanggap ng tulong.

Mga Uri ng Serbisyong Magagamit

- Panandaliang Outpatient para sa mga At-Risk na Kabataan at mga Young Adult.
- Paggagamot sa mga Outpatient
- Masinsinang Paggagamot sa mga Outpatient
- Panandaliang Paggagamot sa Tirahan (Short-Term Residential Treatment)
- Pangangasiwa sa Withdrawal (dating tinatawag na Detox)
- Paggagamot sa Tulong ng Medisina
- Mga Programa sa Paggagamot sa mga Opioid
- Pangangasiwa ng Kaso
- Mga Serbisyo Para sa Pagsuporta sa Paggaling

Ibinibigay ang mga Serbisyo ng County ng San Diego DMC-ODS

- Sa lahat ng tao sa County na may Medi-Cal o walang insurance
- Gamit ang sistemang malugod at walang diskriminasyon na naaayon sa mga batas ng Estado at mga batas Pederal
- Na may pangangalagang maselan sa kultura at maalam sa trauma
- Sa inyong napiling wika at mayroong magagamit na libreng serbisyo ng mga tagasalin
- Na mayroong impormasyon sa mga alternatibong format para sa mga may kapansanan sa paningin at pandinig

Ang pagtanggap sa mga buntis ay binibigyang prayoridad para sa mga programa sa pagpapagaling at paggagamot

Ang Inyong Mga Personal na Karapatan Sa County ng San Diego DMC-ODS Program

- Ang karapatan sa kumpidensyalidad (right to confidentiality) na nakasaad sa HIPAA at Title 42, Code of Federal Regulations, part 2
- Ang karapatan na tratuhin nang may dignidad ng mga kawani, mga boluntaryo, mga miyembro ng board at ng iba pang indibidwal
- Ang karapatan na mabigyan ng ligtas, nakakapagpalusog, at maginhawang tuluyan para matugunan ang inyong mga pangangailangan
- Ang karapatan na maging malaya mula sa pang-aabuso sa pananalita, pang-aabusong emosyonal, pisikal, at/o hindi nararapat na ugaling sekswal
- Ang karapatan na malaman ang mga proseso sa pagsampa ng mga reklamo o apela
- Ang karapatan na maging malaya mula sa diskriminasyon sa lahi, relihiyon, edad, kasarian, oryentasyong sekswal, o kapansanan
- Ang karapatan na mabigyan ng access sa inyong file

Maaari Kang Makatanggap ng Tulong Kung Hindi Ka Kontento Sa Mga Serbisyo

Kung mayroong kayong mga alalahanin o feedback tunkol sa mga serbisyong inyong natatanggap, mangyaring ibahagi ito sa inyong tagapayo o sa programa. Malakas ang aming paniniwala na ito ang pinakamabuting paraan upang ipahayag ang inyong mga alalahanin. Nandito ang mga kawani ng programa upang tugunan ang inyong mga pangangailangan at makinig sa inyo. Kung hindi kayo kumportable sa pakikipag-usap sa mga kawani ng programa o patuloy ang inyong mga alalahanin, maaari ninyong tawagan ang mga sumusunod na ahensiya:

- **JFS Patient Advocacy Program** sa **800-479-2233** para sa mga inpatient o 24-oras na serbisyong pangtirahan
- **Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA) toll-free** sa **877-734-3258 para** sa mga outpatient at iba pang uri ng serbisyo sa sakit sa paggamit ng droga

Kung mayroon kayong reklamo tungkol sa inyong pangangalaga, gusto ninyong i-apela ang desisyon na nililimitahan ang inyong pangangalaga, o gusto ninyong malaman ang estado ng isang apela o reklamo, maaari ninyong tawagan ang isa sa mga ahensiya na nakalista sa itaas. Mayroong access ang mga benepisyaryo ng Medi-Cal sa mga serbisyo at karapatan ayon sa nakasaad sa mga pang-Estado at Pederal na regulasyon.

Maaari rin kayong magsampa ng pinabilis na apela kung ang karaniwang proseso ay lubhang maisasapanganib ang buhay, kalusugan, o ang kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang ganap na lakas.

Kailangan Pa Ng Karagdagang Impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga Proseso ng Pagreklamo at Pag-Apela o iba pang pangangailangan ng Estado, mangyaring magtanong sa inyong provider para sa kumpletong **DMC-ODS Program Beneficiary Handbook** o tawagan ang 619-563-2700 para sa isang kopya.